<table>
<tr><td colspan="2">Departamento ng Hustisya ng California DIBISYON NG PAGPAPATUPAD NG BATAS<br>Stephen Woolery, Hepe</td><td colspan="2">BULLETIN NG IMPORMASYON</td></tr>
<tr><td rowspan="2" colspan="2">Paksa:<br>Paunawa Tungkol sa Permanenteng Injunction na Naghihigpit sa Pagpapatupad ng Penal na Kodigo ng California (California Penal Code) Seksyon 22210 bilang sa isang Billy</td><td>Blg.<br>2024-DLE-08</td><td rowspan="2">Contact para sa impormasyon:<br>John Echeverria<br>Nangangasiwa na Deputy Attorney General<br>Seksyon ng Batas ng Pamahalaan<br>John.Echeverria@doj.ca.gov</td></tr>
<tr><td>Petsa:<br>08/09/2024</td></tr>
</table>

PARA SA: **LAHAT NG MGA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS AT MGA LOKAL NA PROSECUTOR SA ESTADO NG CALIFORNIA**

Noong Pebrero 23, 2024, ang Pandistritong Hukuman ng United States (United States District Court) para sa Katimugang Distrito (Southern District) ng California ay nag-isyu ng permanenteng injunction sa kaso ng *Fouts v. Bonta*, No. 19-cv-01662-BEN-JLB.

Ang permanenteng injunction ay naghihigpit sa pagpapatupad ng Penal na Kodigo ng California (California Penal Code) na seksyon 22210 dahil nalalapat ito sa isang "billy"[1] at nagpapailalim kay Attorney General Rob Bonta, sa kanyang opisyal na kapasidad, gayundin sa kanyang mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, at abogado, ang mga taong iyon na aktibong kasama nila o nakikilahok sa kanya, at mga nararapat na sumumpang pang-estadong opisyal pangkapayapaan at mga pederal na opisyal sa pagpapatupad ng batas na nagkaroon ng kaalaman tungkol sa injunction.

Isinasaad ng seksyon 22210 ng Penal na Kodigo ng California (California Penal Code) na “sinumang tao sa estadong ito na gumagawa o nagdudulot ng paggawa, nag-aangkat sa estado, nag-iimbak para ibenta, o nag-aalok o naglalantad para sa pagbebenta, o na nagbibigay, nagpapahiram, o nagtataglay ng anumang tingga, o anumang instrumento o armas ng uri na karaniwang kilala bilang billy, blackjack, sandbag, sandclub, sap, o slungshot, ay mapaparusahan ng pagkakakulong sa bilangguan ng county nang hindi hihigit sa isang taon o pagkakakulong alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksyon 1170.”

Ang permanenteng injunction ay nalalapat lamang sa seksyon 22210 ng Penal na Kodigo ng California (California Penal Code) dahil nalalapat ito sa isang billy at hindi nakakaapekto sa anumang iba pang probisyon sa Seksyon 22210, na nananatiling may bisa.

Ang permanenteng injunction ay nakalakip dito bilang "Kalakip 1."

[1] Ang “billy” ay isang “tungkod o mabigat na patpat; truncheon, lalo na ang dala ng pulis.” (*People v. Mercer* (1995) 42 Cal.App.4th Supp. 1, 5, inalis ang pagsipi.) Ang isang "billy" ay di-pormal na tinutukoy bilang isang billy club. (*People v. Davis* (2013) 214 Cal.App.4th 1322, 1326.)

# Kalakip 1

# Pandistritong Hukuman ng United States (United States District Court)

**KATIMUGANG DISTRITO (SOUTHERN DISTRICT) NG CALIFORNIA**

Russell Fouts ; Tan Miguel Tolentino

**Nagsasakdal,**

**V.**

Rob Bonta, sa kanyang opisyal na kapasidad bilang Attorney General ng Estado ng California

**Nasasakdal.**

**Aksyong Sibil Blg.** 19-cv-01662-BEN-JLB

## HATOL SA KASONG SIBIL

**Desisyon ng Hukuman.** Iniharap ang aksyong ito sa Hukuman para sa paglilitis o pagdinig. Nalitis o nadinig ang mga isyu at ibinibigay na ang desisyon.

IPINAG-UUTOS AT NAHATULAN DITO:

Buod na hatol ang ibinibigay para sa mga Nagsasakdal. Ang nasasakdal na si Attorney General Rob Bonta, at kanyang mga opisyal, ahente, tagapaglingkod, empleyado, at abogado, at iyong mga tao na aktibong kasama nila o lumalahok sa kanila, at iyong nararapat na sumumpang opisyal pangkapayapaan sa estado at pederal na opisyal sa pagpapatupad ng batas na may kaalaman sa kautusan ng injunction na ito o alam ang pag-iral ng kautusang ito ng injunction, ay pinaghihigpitan sa pagpapatupad o pagsasagawa ng Penal na Kodigo ng California (California Penal Code) § 22210 sa paraang nalalapat sa isang billy. Sarado na ang kaso.

**Petsa:** 02/23/24

**KLERK NG HUKUMAN**
**JOHN MORRILL, Klerk ng Hukuman**
Ni: s/ D.Frank
D.Frank, Deputy